LALAWIGAN NG BULACAN
Pamahalaang Bayan ng Baliwag

TANGGAPAN NG PUNONGBAYAN

MEMORANDUM CIRCULAR 27 s. 2017

PARA SA : **LAHAT NG MGA BALIWAGENYO**

MULA SA : **TANGGAPAN NG PUNONGBAYAN**

PAKSA : **MGA PAALALA KAUGNAY NG ASEAN SUMMIT**

PETSA : **IKA- 10 NG NOBYEMBRE, 2017**

Kaugnay ng pagdiriwang ng ika-limampung anibersaryo at 31st Summit ng Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) na idaraos sa ating bansa mula Nobyembre 13-15, 2017, narito ang ilang paalala:

1. Bilang pagtalima sa inilatag na planong pangseguridad ng PNP at iba pang pwersa ng gobyerno upang masigurong ligtas ang mga pinuno at delegado ng iba't ibang bansa, mahigpit na ipatutupad ang gun ban sa bayan ng Baliwag sa nasabing mga petsa.
2. Hinihikayat ang lahat na iwasan ang mga lansangang dadaanan ng mga kalahok ng nasabing pagtitipon tulad ng Clark, North Luzon Expressway (NLEX), EDSA at PICC Grounds.
3. Magsasagawa ng clearing operations ang Baliwag Traffic and Management Office (BTMO) sapagkat ang mga highway ay gagamiting alternate at emergency routes bilang risk reduction measure.
4. Magkakaroon din ng pagkaantala ang koleksyon ng basura sa susunod na linggo buhat ng truckban na ipapatupad sa Clark, kung saan kasalukuyang matatagpuan ang ating dumpsite. Mangyaring mag-segregate ng basura at huwag ilalabas ang mga ito hangga't wala pang abiso.

Ang ating pagtalima ay makatutulong upang higit na maging mapayapa, ligtas at makabuluhan ang pagdiriwang ng ASEAN 2017. Maraming salamat po.

Sa ngalan ng Serbisyong May Malasakit,

FERDINAND V. ESTRELLA
Punongbayan

DUGONG BALIWAG PUSONG BALIWAG
Serbisyong May Malasakit

MUNICIPALITY OF BALIWAG
00017097